# MEDI-CAL HOME UPKEEP ALLOWANCE PARA SA ISANG INDIBIDWAL NA PANSAMANTALANG NANINIRAHAN SA ISANG NURSING HOME O IBANG MEDIKAL NA PASILIDAD

Kung kayo ay nasa Medi-Cal at naninirahan o maninirahan kayo sa isang nursing home o ibang medikal na pasilidad, maaaring kwalipikado kayo para sa isang Medi-Cal deduction na tinatawag na Home Upkeep Allowance. Mabibigyan kayo ng Home Upkeep Allowance ng kakayahang magtabi ng $209 bawat buwan ng inyong kita para sa maintenance at upkeep ng inyong bahay habang kayo ay pansamantalang naninirahan sa nursing home o sa ibang medikal na pasilidad. Ang Home Upkeep Allowance ay maaaring pahintulutan nang hanggang isang 6 na buwan na panahon mula sa petsa ng pagpasok ninyo sa nursing home.

Upang maging kwalipikado para sa Home Upkeep Allowance:

- Dapat ay may balak kayong umalis sa nursing facility at bumalik sa bahay sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa nang nagsimula kayo manirahan sa nursing home.
- Dapat ay kumuha kayo ng isang nakasulat na medikal na pahayag mula sa inyong doktor na nagpapatunay na makakabalik kayo sa bahay sa loob ng 6 na buwan.
- Ang inyong asawa o pamilya ay hindi naninirahan sa bahay.
- Ang inyong bahay ay minimintina para sa inyong pagbalik.

Kung nais ninyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa Home Upkeep Allowance o kung nais ninyo mag-apply, mangyaring kontakin ang tanggapan ng county social services sa inyong lugar.